



Ang pagboto ay isang malakas na paraan upang ang tinig mo ay marinig. Hindi lahat ng naninirahan sa Amerika ay may karapatang bomoto, at dahil dito mahalagang lahat ng citizen ay hinihiling na gamitin ang kanilang karapatang ito.

Ganunpaman, maging ang mga hindi citizen ay maari ding makabahagi ng election sa pamamagitan ng pagtulong sa ibang mga citizen upang makapagparehistro, o kaya ay bumuo ng mga forums at workshops na magbubukas sa isipan ng mga tao tungkol sa kanilang karapatang ito.



- **Sino ang maaaring bomoto?**
Upang makaboto, kailangan ay:
- **Isa kang U.S. citizen**
- **18 taong gulang**
- **Wala sa piitan o kaya ay parole on felony**
- **Ang mga bagong citizens ay maaring bomoto sa Office of the Registrar of Voter's office.**



Karagdagan pang impormasyon? Tumawag sa SIREN's Immigrant Assistance & Information Line para sa karagdagan programa at impormasyon. Bukas ang linya Lunes-Biyernes, 10am - 4pm, sa bilingual English at iba pang linguahe: Spanish- (408) 286-1698 Vietnamese- (408) 286-1448 Farsi- (408) 286-5680 x108 Chinese- (408) 286-5680 x109

KARAPATAN mong makipagalam sa mga pangyayari sa botohan kahit hindi ka maaring bomoto!

Paano akong magpaparehistro upang makaboto?

Maari kang magparehistro ng personal or humingi ng registration form sa pamamagitan ng koreo or sa internet.

Maari mong hingin ang registration form sa:

- Lokal na post office
- Mga ahensiya ng komunidad
- Lokal na library,
- Sa tanggapan ng Social Servies
- Tanggapan ng WIC
- Tanggapan ng DMV,
- Tanggapan ng County Registrar na matatagpuan sa 1555 Berger Dr., Bldg. 2 sa San Jose. Maari itong puntahan ng personal o kaya ay tawagan sa (408) 299-VOTE(8683)

Maari ding matagpuan ito sa internet www.sccvote.org o sa tanggapan ng California Secretary of State sa www.ss.ca.gov. Subalit kailangang pirmahan ang mga papeles at ipadala ito sa lokal na tanggapan ng registrar.

Tandaan:

- Ang forms ay nasusulat sa iba't ibang wika.
- Maari kang tulungan ng iba sa pagsulat sa form.

Ang Karapatan sa Pagboto: Upang ang Tinig ay Marinig

- Hindi mo kailangan ng stamp upang ipadala ang sulat sa koreo.

Ano ang maaring mangyari matapos akong makapagrehistro upang bomoto?

Tatlong linggo bago mag-eleksiyon ay makakatanggap ng isang "sample ballot" mula sa Office of the Registrar of Voters, kung saan ay nakasaad ang mga bagay na dapat talakayin ng mga kandidato. Dito sa "Sample ballot" ay nakasaad na rin ang takdang lugar kung saan ka maaring bomoto.

Ang pagboto ay isang mahalagang paraan upang ang iyong karapatan at tinig ay mapakinggan!

Saan ko maaring kunin ang mga impormasyon upang makaboto sa mga isyung tatalakayin at mga kandidato?

Maging matalino sa pagboto sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga materyales tungkol sa iyong kumonidad. Seguruhing mabuti na nauunawaan mo ang iyong ibinoboto at maging ang pagkatao ng iyong ibinotong kandidato.

Higit mong matutunan ang mga isyu at ang tungkol sa mga kandidato sa pamamagitan ng sumusunod:

- Pakikipagugnayan sa iyong pamilya at kapitbahayan.
- Basahin ang **The Easy Reading Voting Guide** na likha ng **League of Women**



Karagdagan pang impormasyon? Tumawag sa SIREN's Immigrant Assistance & Information Line para sa karagdagan programa at impormasyon. Bukas ang linya Lunes-Biyernes, 10am - 4pm, sa bilingual English at iba pang linguahe: Spanish- (408) 286-1698 Vietnamese- (408) 286-1448 Farsi- (408) 286-5680 x108 Chinese- (408) 286-5680 x109

Voters, at ito ay madaling basahin at intindihin. Maaari itong matagpuan sa mga pampublikong aklatan.

- Pakikinig sa radyo,
- Sa mga pagtatalumpati sa madla.
- Mga pinadadalang sulat, flyers at pangangampanyang basahin.
- Pagdedebate sa telebisyon.
- Mga babasahing magasin.
- Pagbabasa ng diyaryo at panunuod ng balita sa T.V.
- Pakikipanayam sa naturang kandidato
- Makipagugnayan sa headquarters ng napupusuang political party at humingi ng mga impormasyon
- Mga rekomendasyon ng mga organisasyong kinasasaniban.
- Ang *project vote smart* ay makakatulong upang malaman ang mga bagay-bagay tungkol sa mga kandidato. Ito ay walang pinapanigang partido at kanilang isa-isang inaanalisa ang mga kandidato at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga kandidato. Maari silang tawagan sa 1-888-VOTESMART (1-888-868-3762) o sa www.vote-smart.org.

Maari ba akong bomoto sa pamamagitan ng Koreo?

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo o "Absentee Ballot" ay isang karapatan ng kahit sinong citizen, at hindi ito nangangailangan ng anumang espesyal na rason. Marami ang gumagamit ng "Absentee Ballot" dahil mayroon silang privacy sa loob ng kanilang tahanan at kasama nila sa pagpili ang kanilang pamilya.

Kailan ako maaring humingi ng Absentee Ballot?

Maari kang humingi ng Absentee Ballot 29 na araw bago ang eleksiyon sa pamamagitan ng pagsulat sa Office of the Registrar of Voters o kaya ay sa internet at kumopya ng sulat mula sa California Secretary of State (www.ss.ca.gov)

Ang Karapatan sa Pagboto: Upang ang Tinig ay Marinig

Ang katapusang araw sa paghingi ng Absentee Ballot ay hindi dapat lumagpas sa 7 araw bago ng eleksiyon. Maaring isama ang mga sumusunod na impormasyon kapag humihingi ng Absentee Ballot:

- Titulo at petsa ng eleksiyon.
- Ang tamang address ng tirahan.
- Ang tirahan kung saan ipapadala ang balota .
- Ang iyong pirma.
- Numero ng Telepono at ang kapanganakan (birthdate)

Kailan ko maaring ipadala ang Absentee Ballot?

Maari mong ipadala ang iyong absentee ballot sa mismong araw o isang araw bago ang eleksiyon. Maari ding dalhin ng personal ang absentee ballot bago mag alas otso ng gabi (8:00 PM) sa araw ng eleksiyon.

Mayroon akong kapansanan at hindi ko maaring dalhin ng personal ang aking absentee ballot. Ano ang aking gagawin?

Maari mong ipadala sa kamag-anak ang iyong balota. Sa Santa Clara County ay maari ka ring humingi ng Absentee Ballot para sa mga susunod pang halalan kung sadyang may kapansanan ka. Makipagugnayan sa Office of the Registrar of Voters.

Naging citizen ako pagkatapos ng deadline sa pagpaparehistro sa pagboto, ano ang dapat kong gawin?

Kung nagging U.S. citizen ka matapos ang deadline sa pagpaparehistro sa pagboto, ay maari ka pa ring makapagpaparehistro 7 araw bago sumapit ang eleksiyon. Kung magrehistro sa Office of the Registrar of Voters ay maari ka nang bumoto sa araw din na iyon. Dalhin ang mga sumusunod:

- Your naturalization certificate
- Identification

Isang maginhawang paraan ang "Absentee Voting" at maari itong gawin nga isang grupo. Maari ding magsagawa ng "Absentee Voting Day" sa inyong kumonidad.

Sa araw ng eleksiyon, ano ang aking unang gagawin?

Ang unang dapat mong gawin ay ang makarating sa "voting polls". Alaming maigi kung saan ka tutungo sa pamamagitan ng ipinadalang "sample ballot" sa iyo. Bukas ang voting polls mula 7:00am to 8:00pm.

Maaring makaboto sa mga sumusunod na lugar sa iyong komunidad:

- Simbahan
- Paaralan
- Community Centers
- Businesses
- Garages, etc.,...

Sa araw ng eleksiyon.....

1. Makipagugnayan sa polling volunteers at kanilang aalamin ang:
 - Pangalan mo,
 - Titignan ito sa listahan ng registered voters
 - Pipirma ka sa listahang ito
 - Bibigyan ka ng balota (Maari kang magsama ng isang tao upang tulungan ka sa pagsula
2. Maglilista ka na.



Ang Karapatan sa Pagboto: Upang ang Tinig ay Marinig

*Tutungo ka sa isang pribadong silid

*Isusulat mo ang iyong mga napili

2. Ihuhulog mo ang iyong balota sa isang selyadong kahon kung tapos ka na sa gawain.

Maari ba akong bomoto kahit hindi ako pamilyar sa lahat ng mga tinatalakay sa balota?

OO. Maari kang bomoto sa mga bagay na alam mo lang.

Paano kung nagkamali ako sa pagsulat ko sa aking balota?

Kung nagkamali ka, ipaalam lang ito sa poll worker at papalitan nila ang balota mo ng bago.

Paano kung nararamdaman kong pinakikialaman ako sa aking pagboto sa araw at lugar ng botohan?

Karapatan ng sinumang citizen ang bomoto ng walang sagabal at pakikialam ng kahit sino. Kung pakiramdam mo ay ginigipit ka, ipaalam agad ito sa Office of the Registrar of Voters o dili kaya ay sa Office of the Secretary of State. Kung sa pagkakaalam mo ay biktima ka ng hate incident or crime, tumawag agad sa 24 Hr. Anti-Hate Hotline (408)279-0111 o sa Immigrant Q&A Information Line.

Isang mahalagang karanasan ang pagboto. Kaagad isuplong ang anumang katiwaliang magaganap!!!

Mga Dapat Tandaan Sa Pagboto

- . Maari kang humingi ng tulong.
- . Maari kang magsama ng kaibigan.
- . Maari kang magdala ng kodigo.
- . Hindi mo kinakailangang iboto ang lahat-lahat kung **AYAW** mo.
- . Kung nagkamali ka, maari ka pa ring humingi kapalit na balota.



League of Women Voters'

Tel: 1 (800) 870-VOTE

The Office of the Registrar of Voters

1555 Berger Dr., Bldg. #2, San José 95112

Tel: (408) 299-VOTE (8683)

Poll Workers: (408) 299-8344

Spanish: (408) 299-8344

Vietnamese: (408) 299-8345

Chinese: (408) 299-8660

Office hours: Monday-Friday, 8am-5pm

Project Vote Smart

Tel: 1 (888) VOTESMART (1 (888) 868-3762)

For information by phone in Spanish and English

Tel: 1 (888) 622-SMART

Website: www.vote-smart.org

Voter Assistance Hotline- Office of the Secretary of State

Tel: 1 (800) 345-VOTE



Karagdagan pang impormasyon? Tumawag sa SIREN's Immigrant Assistance & Information Line para sa karagdagan programa at impormasyon. Bukas ang linya Lunes-Biyernes, 10am - 4pm, sa bilingual English at iba pang linguahe: Spanish- (408) 286-1698 Vietnamese- (408) 286-1448 Farsi- (408) 286-5680 x108 Chinese- (408) 286-5680 x109

Services, Immigrant Rights & Education Network

778 N. 1st. St. Ste. 200, San José 95112

Tel: (408) 286-5680

Immigrant Q& A Information Line: (see below)

